

The Atonement of Jesus Christ Provides the Ultimate Rescue

By Elder Quentin L. Cook
Of the Quorum of the Twelve Apostles

Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay Nagkakaloob ng Dakilang Pagsagip

Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

April 2025 general conference

As we turn to Jesus Christ, the Savior of the world, He rescues us from the storms of life through His Atonement.

The Atonement of Jesus Christ provides the ultimate rescue from the trials we face in this life. President Russell M. Nelson assigned me to dedicate the Casper Wyoming Temple late last year. It was a profound, emotional, and spiritual experience. It brought into clear focus the role temples play in rescuing God's children through the Savior's Atonement.

The stakes in the Casper Wyoming Temple District include a portion of the overland trail used by Latter-day Saint pioneers between 1847 and 1868. In preparation for the temple dedication, I reread some of the history of the trail along the Platte River near Casper and continuing to Salt Lake City. The trail had been a thoroughfare for hundreds of thousands of western emigrants. My primary emphasis was the more than 60,000 Latter-day Saint pioneers who traveled the trail.

Most of our pioneers came by wagon, but about 3,000 crossed in 10 handcart companies. Eight of these handcart companies made the monumental trek with remarkable success and few deaths. The Willie and Martin handcart companies of 1856 were the exception.

I reviewed the accounts of the Willie and

Sa pagbaling natin kay Jesucristo, ang Tagapaglig-tas ng mundo, sinasagip Niya tayo mula sa mga unos ng buhay sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala.

Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nagkakaloob ng dakilang pagsagip mula sa mga pagsubok na kinakaharap natin sa buhay na ito. Inatasan ako ni Pangulong Russell M. Nelson na ilaan ang Casper Wyoming Temple sa huling bahagi ng nakaraang taon. Iyon ay isang malalim, emosyonal, at espirituwal na karanasan. Pinalinaw nito ang papel na ginagampanan ng mga templo sa pagsagip sa mga anak ng Diyos sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ng Tagapaglig-tas.

Ang mga stake sa Casper Wyoming Temple District ay kinabibilangan ng bahagi ng lupaing dinaanan ng mga pioneer na Banal sa mga Huling Araw sa pagitan ng 1847 at 1868. Sa paghahanda para sa paglalaan ng templo, binasa kong muli ang kasaysayan ng daanan sa tabi ng Ilog Platte na malapit sa Casper at papuntang Salt Lake City. Ang daanan ay naging ruta ng daangdaang libong emigranteng taga-kanluran. Ang aking pangunahing tuon ay ang mahigit 60,000 mga pioneer na Banal sa mga Huling Araw na naglakbay sa daanang ito.

Ang karamihan sa ating mga pioneer ay dumating sa pamamagitan ng bagon, pero mga 3,000 ang tumawid bilang bahagi ng 10 handcart company. Walo sa mga handcart company na ito ang humayo sa kagila-gilalas na paglalakbay na ito nang matagumpay at kakaunti lamang ang namatay. Ang mga Willie at Martin handcart company noong 1856 ang naiba.

Nirepaso ko ang mga salaysay ng mga Willie

Martin handcart companies from the time the terrible weather conditions commenced. I became intimately aware of the challenges they faced at the crossing of the Sweetwater River, Martin's Cove, Rocky Ridge, and Rock Creek Hollow.

Between Storms, by Albin Veselka

I had not been inside the Casper Temple prior to the dedication. When I entered the foyer, my attention was immediately drawn to an original handcart painting titled *Between Storms*. The painting was clearly not intended to depict the tragedies that had occurred. As I gazed at it, I thought, "This painting is correct; the vast majority of handcart pioneers did not experience tragedies." I could not help feeling that this is like life in general. Sometimes we are between storms and sometimes between clouds and sunshine.

Heaven's Portal, by Jim Wilcox

When I turned to the original painting on the other wall, titled *Heaven's Portal*, I realized that this beautiful summer painting of what was called "Devil's Gate," with the calm and clear Sweetwater River flowing through it, presented the beauty of the Lord's creation, not just the challenges the pioneers faced in that horrible winter season.

Then I looked forward, behind the recommend desk, and saw a beautiful painting of the Savior. This immediately invoked overwhelming feelings of gratitude. In a world of great beauty, there are also enormous challenges. As we turn to Jesus Christ, the Savior of the world, He rescues us from the storms of life through His Atonement in accordance with the Father's plan.

For me, the foyer was a perfect preparation for the temple ordinance rooms that allow us to receive the ordinances of exaltation, to make sacred covenants, and to fully accept and experience the blessings of the Savior's Atonement. The Father's plan of happiness is based on the Savior's atoning rescue.

at Martin handcart company mula sa oras na nagsimula ang masasamang lagay ng panahon. Nagkaroon ako ng lubos na kamalayan sa mga hamong kinaharap nila sa pagtawid sa Sweetwater River, Martin's Cove, Rocky Ridge, at Rock Creek Hollow.

Between Storms [Sa Pagitan ng mga Unos], ni Albin Veselka

Hindi pa ako nakapasok sa loob ng Casper Temple bago ang paglalaan. Pagpasok ko sa foyer, nabaling kaagad ang aking atensyon sa orihinal na handcart painting na pinamagatang *Between Storms* [Sa Pagitan ng mga Unos]. Ang painting ay malinaw na hindi nilayong ipakita ang mga trahedyang nangyari. Habang tinititigan ko ito, naisip ko, "Tama ang painting na ito; ang malaking bahagi ng mga handcart pioneer ay hindi nakaranas ng mga trahedya." Hindi ko napigilang madama na ito ay tulad ng buhay sa pangkalahatan. Kung minsan, tayo ay nasa gitna ng mga unos at kung minsan, tayo ay nasa gitna ng mga ulap at sikat ng araw.

Heaven's Portal [Lagusan ng Langit], ni Jim Wilcox

Paglingon ko sa orihinal na painting sa kabilang dingding, na pinamagatang *Heaven's Portal* [Lagusan ng Langit], natanto ko na ang magandang painting na ito ng tag-init sa tinatawag na "Devil's Gate," na dinadaluyan ng payapa at malinaw na Sweetwater River ay nagpapamalas ng kagandahan ng likha ng Panginoon, hindi lamang ng mga hamon na kinaharap ng mga pioneer sa kakila-kilabot na panahon ng taglamig na iyon.

Pagkatapos ay tumingin ako sa harap, sa likod ng recommend desk, at nakakita ako ng isang magandang painting ng *Tagapagligtas*. Agad itong nagpadama sa akin ng matinding pasasalamat. Sa isang napakagandang mundo, mayroon ding malalaking hamon. Sa pagbaling natin kay Jesucristo, ang *Tagapagligtas* ng sanlibutan, sinasagip Niya tayo mula sa mga unos ng buhay sa pamamagitan ng Kanyang *Pagbabayad-sala* alinsunod sa plano ng Ama.

Para sa akin, ang foyer ay isang perpektong paghahanda para sa mga silid ng ordenansa sa templo na nagtutulot sa atin na tumanggap ng mga ordenansa ng kadakilaan, gumawa ng mga sagradong tipan, at lubos na tanggapin at tamsahin ang mga pagpapala ng *Pagbabayad-sala* ng *Tagapagligtas*. Ang plano ng kaligayahan ng Ama ay nakabatay sa *nagbabayad-salang pagsagip* ng

The pioneer experience provides Latter-day Saints with a unique historical tradition and a powerful collective spiritual legacy. For some, the migration had been years in the making after being forcefully driven from both Missouri and Nauvoo. For others, it began after President Brigham Young announced the handcart plan, which was intended to make emigration more affordable. The handcarts cost much less than wagons and oxen.

A missionary in England, Millen Atwood, said that when the handcart plan was announced, “it ran like fire in dry stubble, and the hearts of the poor Saints leapt with joy and gladness.” Many had “prayed and fasted day after day, and night after night, that they might have the privilege of uniting with their brethren and sisters in [the] mountains.”

Most of the handcart Saints experienced hardship but avoided major adverse events. But two handcart companies, the Willie company and the Martin company, experienced starvation, exposure to freezing weather, and many deaths.

Most of these travelers sailed from Liverpool, England, in May of 1856 aboard two ships. They arrived at the handcart outfitting site in Iowa City in June and July. Despite warnings, both companies departed for the Salt Lake Valley too late in the season.

President Brigham Young first became aware of the perilous situation of these companies on October 4, 1856. The next day he stood before the Saints in Salt Lake City and said, “Many of our brethren and sisters are on the plains with handcarts, ... and they must be brought here; we must send assistance to them ... before the winter sets in.”

He asked the bishops to provide 60 mule teams, 12 or more wagons, and 12 tons (10,886 kg) of flour and proclaimed, “Go and bring in those people now on the plains.”

Tagapagligtas.

Ang karanasan ng mga pioneer ay nagkalkalob sa mga Banal sa mga Huling Araw ng natatanging makasaysayang tradisyon at isang makapangyarihang pinagsama-samang espirituwal na pamana. Para sa ilan, ang paglalakbay ay inabot ng maraming taon matapos puwersahang paalisin sa Missouri at Nauvoo. Para sa iba, ito ay nagsimula matapos ianunsyo ni Pangulong Brigham Young ang plano hinggil sa mga handcart, na nilayong gawing mas abot-kaya ang emigrasyon. Ang mga handcart ay mas mura kaysa sa mga bagon at baka.

Sinabi ng isang missionary sa England, si Millen Atwood, na noong inanunsyo ang plano hinggil sa mga handcart, “ito ay tila apoy na tumutupok sa dayami, at ang mga puso ng mga maralitang Banal ay napuspos ng kagalakan at kaligayahan.” Marami ang “nanalangin at nag-ayuno araw-araw at gabi-gabi, nang sa gayon ay magkaroon sila ng pribilehiyo na makiisa sa kanilang mga kapatid sa kabundukan.”

Marami sa mga Banal na sakay ng kariton ang nakaranas ng hirap pero nakaiwas sa matitindi at masasamang kaganapan. Ngunit dalawang handcart company, ang Willie company at Martin company, ang nakaranas ng pagkagutom, pagkalantad sa nagyeyelong panahon, at maraming pagkamatay.

Ang karamihan sa mga manlalakbay na ito ay naglayag mula sa Liverpool, England, noong Mayo ng 1856 sakay ng dalawang barko. Nakarating sila sa lugar ng paghahanda ng mga handcart sa Iowa City noong Hunyo at Hulyo. Sa kabila ng mga babala, ang parehong company ay umalis papuntang Salt Lake Valley noong lubhanghulina sa panahon.

Unang napag-alaman ni Pangulong Brigham Young ang tungkol sa mapanganib na sitwasyon ng mga company na ito noong Oktubre 4, 1856. Kinabukasan, tumayo siya sa harap ng mga Banal sa Salt Lake City at nagsabing, “Marami sa ating mga kapatid na lalaki at babae ang nasa kapatagan na may mga handcart, ... at kailangan silang maihatid dito; kailangan nating magpadala ng tulong sa kanila ... bago lubusang maging taglamig.”

Siya ay humiling sa mga bishop na maglaan ng 60 na mule team, 12 o mahigit pang bagon, at 12 tonelada (10,886 kg) ng harina at nagpahayag na, “Humayo kayo at ihatid ngayon dito ang mga taong iyon sa kapatagan.”

The combined number of pioneers in the Willie and Martin handcart companies was approximately 1,100. Some 200 of these precious Saints died along the trail. Without the timely rescue, many more would have perished.

The winter storms began nearly two weeks after the first rescuers left Salt Lake City. The accounts of members of the Willie and Martin companies describe devastating challenges after the storms began. These accounts also depict the great joy when the rescuers arrived.

Describing the arrival scene, Mary Hurren said: “Tears streamed down the cheeks of the men, and the children danced for joy. As soon as the people could control their feelings, they all knelt down in the snow and gave thanks to God.”

Two days later, the Willie company had to travel the most difficult part of the trail, going over Rocky Ridge, in a freezing storm. The last of them didn’t reach camp until 5:00 the next morning. Thirteen people died and were buried in a common grave.

On November 7, the Willie company was nearing the Salt Lake Valley, but that morning there were still three deaths. Two days later, the Willie company finally reached Salt Lake, where they had a marvelous greeting and were welcomed into the homes of the Saints.

That same day, the Martin company was still 325 miles (523 km) back on the trail, continuing to suffer from cold and inadequate food. A few days earlier, they had crossed the Sweetwater River to reach what is now called Martin’s Cove, where they hoped to find protection from the elements. One of the pioneers said, “It was the worst river crossing of the expedition.” Some of the rescuers—like my great-grandfather David Patten Kimball, who was just 17 years old, along with his young friends “George W. Grant, Allen Huntington, Stephen Taylor, and Ira Nebeker—spent hours in the frigid water,” heroically helping the company make the Sweetwater crossing.

While this event has received much attention, as I learned more about the rescuers, I real-

Ang pinagsamang bilang ng mga pioneer sa Willie at Martin handcart company ay tinatayang 1,100. Mga 200 sa mga minamahal na Banal na ito ang namatay sa daan. Kung hindi kaagad nasa-gip, malamang na mas marami pa ang namatay.

Nagsimula ang mga unos sa taglamig halos dalawang linggo matapos umalis sa Salt Lake City ang mga unang tagasagip. Ang mga salaysay ng mga miyembro ng Willie at Martin company ay naglalarawan ng matitinding hamon matapos magsimula ang mga unos. Inilalarawan din ng mga salaysay na ito ang matinding kagalakan noong dumating ang mga tagasagip.

Inilalarawan ang tagpo ng pagdating, sinabi ni Mary Hurren: “Tumulo ang mga luha sa mga pisngi ng kalalakihan, at ang mga bata ay sumayaw sa galak. Nang mapigilan na ng mga tao ang kanilang damdamin, lahat sila ay kaagad na lumuhod sa niyebe at nagpasalamat sa Diyos.”

Makalipas ang dalawang araw, ang Willie company ay naglakbay sa pinakamahirap na bahagi ng daanan, tumatawid sa Rocky Ridge, sa nagyeyelong unos. Ang pinakahuli sa kanila ay nakarating lang sa kampo noong alas-singko ng umaga kinabukasan. Labintatlong tao ang namatay at inilibing sa iisang hukay.

Noong ika-7 ng Nobyembre, malapit na ang Willie company sa Salt Lake Valley, pero noong umagang iyon, mayroon pa ring tatlong namatay. Makalipas ang dalawang araw, nakarating na rin sa wakas ang Willie company sa Salt Lake, kung saan sila ay malugod na sinalubong at pinatuloy sa mga tahanan ng mga Banal.

Noong araw ding iyon, 325 milya (523 km) pa ang layo sa daanan ng Martin company, patuloy na nagdurusa mula sa lamig at kawalan ng sapat na pagkain. Ilang araw bago iyon, tumawid sila sa Sweetwater River upang marating ang tinatawag ngayon na Martin’s Cove, kung saan umasa silang makasumpong ng proteksiyon laban sa mga elemento. Sinabi ng isa sa mga pioneer, “Iyon ang pinakamalalang pagtawid ng ilog sa ekspedisyon.” Ang ilan sa mga tagasagip—tulad ng aking lolo-sa-tuhod, si David Patten Kimball, na 17 taong gulang lamang noon, kasama ang kanyang mga bata pang kaibigan, sina “George W. Grant, Allen Huntington, Stephen Taylor, at Ira Nebeker—ay gumugol ng ilang oras sa nagyeyelong tubig,” matapang na tinutulungan ang company na matawid ang Sweetwater.

Bagaman ang kaganapang ito ay nakatanggap ng maraming atensiyon, habang mas nalalaman

ized that all of them were following the prophet and played critical roles in saving the stranded Saints. All the rescuers were heroic, as were the emigrants.

Studying their story, I appreciated the precious relationships and the long-term eternal vision among the emigrants. John and Maria Linford and their three sons were members of the Willie company. John died hours before the first rescuers arrived. He had told Maria that he was glad they had made the journey. “I shall not live to reach Salt Lake,” he said, “but you and the boys will, and I do not regret all we have gone through if our boys can grow up and raise their families in Zion.”

President James E. Faust provided this marvelous summary: “In the heroic effort of the handcart pioneers, we learn a great truth. All must pass through a refiner’s fire, and the insignificant and unimportant in our lives can melt away like dross and make our faith bright, intact, and strong. There seems to be a full measure of anguish, sorrow, and often heartbreak for everyone, including those who earnestly seek to do right and be faithful. Yet this is part of the purging to become acquainted with God.”

In His eternity-shaping Atonement and Resurrection, the Savior broke “the bands of death, having gained the victory over death” for everyone. For those who have repented of sins, He has “taken upon himself their iniquity and their transgressions, having redeemed them, and satisfied the demands of justice.”

Without the Atonement, we cannot save ourselves from sin and death. While sin can play a significant role in our trials, life’s adversities are compounded by mistakes, bad decisions, evil actions by others, and many things outside of our control.

Preach My Gospel teaches: “As we rely on Jesus Christ and His Atonement, He can help us

ko ang tungkol sa mga tagasagip, natanto ko na silang lahat ay sumusunod sa propeta at gumagana sa mahahalagang papel sa pagliligtas sa hindi makausad na mga Banal. Ang lahat ng tagasagip ay matapang, gayundin ang mga emigrante.

Sa pag-aaral ng kanilang kuwento, nagkaroon ako ng pagpapahalaga sa mga natatanging ugnayan at pangmatagalang walang hanggang pananaw ng mga emigrante. Sina John at Maria Linford at ang kanilang tatlong anak na lalaki ay mga miyembro ng Willie company. Namatay si John ilang oras bago dumating ang mga unang tagasagip. Sinabi niya kay Maria na masaya siya na nakapaglakbay sila. “Hindi ko na mararating ang Salt Lake,” sabi niya, “pero ikaw at ang mga bata ay makararating doon, at hindi ko pinagsisihan ang lahat ng hrap na dinanas natin kung ang mga anak naman natin ay magsisilaki at magkakaroon ng sariling pamilya sa Sion.”

Ibinigay ni Pangulong James E. Faust ang kamangha-manghang buod na ito: “Sa magiting na pagsisikap ng mga handcart pioneer, natutuhan natin ang isang dakilang katotohanan. Lahat ay kailangang dumaan sa apoy ng maglalanday, at ang mga hindi makabuluhan at hindi mahalaga sa ating mga buhay ay matutunaw tulad ng taing bakal at gagawing mas maliwanag, buo, at malakas ang ating pananampalataya. Mukhang maraming dalamhati, kalungkutan, at madalas ay kasawian ang lahat, pati na ang mga taong taimtim na naghahangad na makagawa ng tama at maging tapat. Pero bahagi ito ng pagpapadalisan upang maging katulad ng Diyos.”

Sa Kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Muli na humubog sa kawalang-hanggan, nalagot ng Tagapagligtas “ang mga gapos ng kamatayan, nakamtam ang tagumpay sa kamatayan” para sa lahat. Para sa mga taong nakapag-sisi ng mga kasalanan, “inako Niya ang kanilang kasamaan at kanilang mga kasalanan, matapos silang tubusin, at tugunin ang mga hinihingi ng katarungan.”

Kung wala ang Pagbabayad-sala, hindi natin maililigtas ang ating mga sarili mula sa kasalanan at kamatayan. Bagaman ang kasalanan ay maaaring magkaroon ng malaking papel sa ating mga pagsubok, ang mga paghihirap sa buhay ay pinagsama-samang mga pagkakamali, maling desisyon, masasamang gawain ng iba, at maraming bagay na hindi natin kontrolado.

Itinuturo ng Mangaral ng Aking Ebanghelyo: “Sa pag-asa natin kay Jesucristo at sa Kanyang

endure our trials, sicknesses, and pain. We can be filled with joy, peace, and consolation. All that is unfair about life can be made right through the Atonement of Jesus Christ.”

During this Easter season, our focus is on the Savior and His atoning sacrifice. The Atonement provides hope and light at a time that for many seems dark and dreary. President Gordon B. Hinckley declared, “When all of history is examined, ... [there is] nothing ... so wonderful, so majestic, so tremendous as this act of grace.”

I share three recommendations which I think are particularly relevant for our day.

First, do not underestimate the importance of doing what we can to rescue others from physical and especially spiritual challenges.

Second, gratefully accept the Savior’s Atonement. We all should strive to exhibit joy and happiness even as we face the challenges of life. Our goal should be to live optimistically on the sunny side of the street. I have observed my precious companion, Mary, do this her entire life. I have appreciated her sparkling, uplifting approach even as we have faced problems throughout the years.

My third counsel is to set aside consistent time to faithfully contemplate the Savior’s Atonement. There are many ways to do this in our personal religious observance. However, attending sacrament meeting and partaking of the sacrament are especially significant.

Equally important is regular attendance in a temple where possible. The temple provides a continuing remembrance of the Savior’s Atonement and what it overcomes. And, even more important, temple attendance allows us to provide a spiritual rescue for our deceased loved ones and more distant ancestors.

President Russell M. Nelson, at our last conference, emphasized this principle and added,

Pagbabayad-sala, matutulungan Niya tayo na tiisin ang ating mga pagsubok, karamdaman, at sakit. Mapupuspos tayo ng galak, kapayapaan, at kapanatagan. Lahat ng di makatarungan sa buhay ay naiwawasto sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.”

Sa panahong ito ng Pasko ng Pagkabuhay, ang ating tuon ay nasa Tagapagligtas at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Ang Pagbabayad-sala ay nagkakaloob ng pag-asa at liwanag sa panahon na para sa marami ay tila madilim at malungkot. Ipinahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley, “Kapag ang buong kasaysayan ay natuos na, ... [walang] higit na kanga-hanga, maringal, at matindi kaysa sa gawaing ito ng pagpapala.”

Magbabahagi ako ng tatlong rekomendasyon na sa palagay ko ay partikular na naaangkop sa ating panahon.

Una, huwag maliitin ang kahalagahan ng paggawa ng makakaya natin upang sagipin ang iba mula sa mga pisikal at lalo na sa mga espirituwal na hamon.

Pangalawa, malugod na tanggapin ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Tayong lahat ay dapat magsikap na magpamalas ng kagalakan at kaligayahan kahit na nahaharap tayo sa mga hamon ng buhay. Ang ating mithiin ay dapat mamuhay nang positibo. Namasdan ko ang aking minamahal na kompanyon, si Mary, na ginagawa ito sa kanyang buong buhay. Ipinagpapasalamat ko ang kanyang nagniningning at nagpapasiglang pamamaraan kahit na nakaranas kami sa mga problema sa maraming taon.

Ang aking pangatlong payo ay na maglaan ng oras upang pagnilayan nang may pananam-palataya ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Maraming paraan upang magawa ito sa ating personal na pagsunod sa relihiyon. Gayunman, ang pagdalo sa sacrament meeting at pagtanggap ng sakramento ay higit na lalong mahalaga.

Kasinghalaga rin nito ang regular na pagdalo sa templo kung maaari. Ang templo ay nagkakaloob ng patuloy na pag-alaala sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas at kung ano ang napagtatagumpayan nito. At, mas mahalaga pa rito, ang pagdalo sa templo ay nagtutulot sa atin na magkaloob ng espirituwal na pagsagip para sa ating mga yumaong mahal sa buhay at malayong ninuno.

Si Pangulong Russell M. Nelson, sa ating huling kumperensya, ay nagbigay-diin sa alitun-

“[Temple] blessings ... help to prepare a people who will help prepare the world for the Second Coming of the Lord!”

We must never forget the sacrifices and examples of prior generations, but our adulation, appreciation, and worship should be centered on the Savior of the world and His atoning sacrifice. I testify that the key to the Father’s plan of happiness is the Atonement wrought by our Savior, Jesus Christ. He lives and guides His Church. The Atonement of Jesus Christ provides the ultimate rescue from the trials we face in this life. In the name of Jesus Christ, amen.

tuning ito at nagdagdag, “Ang mga [pagpapala ng templo ay tumutulong] na ihanda ang mga tao na tutulong sa paghahanda ng mundo para sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon!”

Hindi natin dapat kalimutan kailanman ang mga sakripisyo at halimbawa ng mga naunang henerasyon, pero ang ating pagpupuri, pasasalamat, at pagsamba ay dapat nakasentro sa Tagapagligtas ng mundo at sa Kanyang nagbabayad-salang sakripisyo. Pinatotohanan ko na ang susi sa plano ng kaligayahan ng Ama ay ang Pagbabayad-sala na ginawa ng ating Tagapagligtas, si Jesucristo. Buhay Siya at ginagabayan Niya ang Kanyang Simbahan. Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nagkakaloob ng dakilang pagsagip mula sa mga pagsubok na kinakaharap natin sa buhay na ito. Sa pangalan ni Jesucristo, amen.